4

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1
Aralin
4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 4 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Lily Fetalsana-Apura (Silliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 3 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagkilala sa sariling pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang sariling kilos sa mga aral ng kinabibilangang pananampalataya bilang tanda ng pananalig sa Diyos. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipakikita ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng mga paraan ng pagsamba at pagsunod sa mga tagubilin ng kinabibilangang pananampalataya.**<br>1. Nakapaghahayag ng mga mahalagang aral ng kinabibilangang pananampalataya<br>2. Naipaliliwanag na ang pagkilala sa sariling pananampalataya ay nagsisilbing gabay upang mas mapabuti ang mga kilos at mailapit ang sarili sa Diyos<br>3. Naisasakilos ang mga aral ng kinabibilangang pananampalataya |
| **D. Nilalaman** | Pagkilala sa Sariling Pananampalataya<br>1. Ang Aking Paniniwala at Pananampalataya<br>2. Mga Pamamaraan ng Pagpapahalaga sa Pananampalataya |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pananalig sa Diyos (Faith in God) |
| **F. Integrasyon** | *Elements of Religions*<br>*Five Pillars of Islam* |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


*Definitions of religion*. (n.d.). https://web.pdx.edu/~tothm/religion/Definitions.htm

*Ano ang kahulugan ng pananampalataya? | Panitikan.com.ph*. (2021, April 5). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/ano-ang-kahulugan-ng-pananampalataya

Dinco, J. (n.d.). *10 Karapatan ng bawat batang pilipino*. Scribd. https://www.scribd.com/doc/300232605/10-Karapatan-Ng-Bawat-Batang-Pilipino

Chu, J. (2024) The story behind the "Praying Hands. https://preshomes.org/stories/christian-culture/the-story-behind-the-praying-hands/#:~:text=One%20night%2C%20as%20Franz%20knelt,sacrifice%20of%20his%20friend%20Franz.

Medriano, Nimfa S., Cristy D. Sagun, Banghay Aralin sa GMRC.

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>Maikling Balik-aral<br><br>Magbigay ng limang pangunahing karapatan ng bawat batang Pilipino.<br><br>Mga Sagot:<br>1. Maipanganak, magkaroon ng pangalan at bansang kinabibilangan.<br>2. Maging malaya at magkaroon ng pamilyang mag-aaruga.<br>3. Magbigyan ng pagkakataon na makapaglaro at oras na maging Malaya.<br>4. Magkaroon ng magandang edukasyon.<br>5. Malayang maipahayag ang sariling pananaw at opinyon.<br>6. Mahasa sa kakayahan.<br>7. Makatira sa mapayapang pamayanan.<br>8. Mabigyan ng proteksyon laban sa mga abuso, panganib at karahasang dulot ng gulo at alitan.<br>9. Maipagtanggol at mapagsilbihan ng ating pamahalaan.<br><br>See: https://www.scribd.com/doc/300232605/10-Karapatan-Ng-Bawat-Batang-Pilipino</td><td>Iugnay ang natututuhan ng mag-aaral sa dating aralin tungkol sa pag-unawa sa sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata sa bagong aralin tungkol sa pag-unawa sa pagkilala sa sariling pananampalataya.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br><br>Gamit ang estratehiyang Think Pair-Share, ipagawa ang sumusunod:<br>• Piliin ang katabi sa kanan bilang kapareha.<br>• Pagmasdan at pag-aralang mabuti ang mga larawan sa Kaugnay na Paksa 1.<br>• Sagutin ang mga tanong tungkol sa mga ipinakitang larawan.<br>• Isaalang-alang ang aktibong pakikinig at ang paggalang sa nagsasalita.<br><br>1. Tanong at Sagot:<br>a. Ano ang unang bagay na naiisip ninyo habang pinagmamasdan ang mga larawan?<br>b. Ano kaya ang layunin ng mga tao sa larawan?<br>2. Hihikayatin na magbahagi ang mga mag-aaral ng kanilang mga sagot.</td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Pagtatalakay:**

Ang ginagawa ng isang tao ay galing sa kaniyang paniniwala. Sa ginagawa nila makikita natin na ang mga tao sa larawan ay naniniwala ng may Diyos. Hindi lamang sila naniniwala ang kanilang paniniwala ay isinasabuhay nila. Sila ay nanampalataya kaya nagdadasal sila. May ibang tao na naniniwala na may Diyos ngunit hindi sila nanampalataya sa Diyos. Sa sariling gawa sila nananampaIataya kaya hindi sila naglalaan ng panahon sa pagdarasal. Ika nga kahit ang mga masasamang tao ay naniniwala sa Diyos. Sa aralin natin matutukoy natin ang ilan sa ating pinaniniwalaan. Mauunawaan rin natin ang kaibahan ng paniniwala sa panampalataya at matutuhan natin ang mga pamamaraan ng pagpapahalaga sa pananampaltaya.

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

</td>
<td>

**Kaugnay na Paksa 1: Ang Aking Paniniwala at Pananampalataya**

Piliin sa ibaba ang mga larawan na nagpapakita ng iyong paniniwala. Gumawa ng sanaysay ukol sa mga larawang napili mo.

Halimbawa:
1. Ang ikalimang larawan ay nagpapakita ng aming bahay sambahan.

**1.**


**2.**


**3.**


**4.**


**5.**


**6.**


*Hango ang mga larawan sa https://pixabay.com/images/search/worship/ 5,052 Free images of Worship*

</td>
<td></td>
</tr>
</table>

Ang Islam at Kristyanismo ay dalawang malalaking relihiyon sa Pilipinas. Ang mga tagasunod ng Islam ay tinatawag na Muslim. Ang mga Kristiyano naman ay sumusunod sa buhay at turo ni Hesus. Sa ibaba ang mga paniniwala at turo ng Islam at Kristiyanismo:

1. **Paniniwala.** Sa Islam, ang mga Muslim ay naniniwala sa isang Diyos na tinatawag na Allah, at si Propeta Muhammad ay kaniyang sugo. Ang mga Kristiyano naman ay naniniwala sa Diyos na ipinahayag o ipinakilala ni Hesus sa kaniyang turo at buhay.

2. **Banal na aklat.** Ang bibliya ang banal na aklat ng mga Kristiyano. Ang buhay at turo ni Hesus ang modelong sinusundan ng mga Kristyano. Samantala ang Koran naman ang pinagbabatayan ng mga turo sa Islam at ang buhay at turo ni Mohammad ang sinusunod.

3. Ang **Pinakamahalagang Aral.** Ang pangunahing turo sa Kristiyano ay ang pagmamahal sa Diyos at Kapuwa, pagpapatawad, at ang pagsunod sa mga aral ni Hesu Kristo. Sa Islam ang Limang Pangunahing Turo ("*Five Pillars of Islam*") ay ang pagsagawa ng Pagpahayag o *confession (Shahada),* panalangin (*salah*), pag-aayuno o *Fasting* (*sawn*), pagbigay ng abuloy (*Zakat*), at ang paglakbay patungo ng Meccah sa abot makakaya(*Hajj*).

4. **Ang Bahay Sambahan**. Ang mga Muslim ay nagsasamba sa *Mosque*. Ang mga Kristiyano naman ay sa Simbahan.
Sa kabila ng pagkakaiba, maaaring magkaroon ng respeto at maayos na ugnayan ang mga Muslim at Kristiyano at sa iba pang relihiyon at paniniwala. Ang pagbibigay halaga sa mabuting ugnayan ay kinakailangan para sa pakikipagkapuwa tao.

**IKALAWANG ARAW**

Magkakaroon ng maikling balik-aral sa pamamagitan ng Gawang Aralin 2.

**Gawang Aralin 2.** **"Ang Aking Paniniwala"**

Batay sa ating pagtatalakay punan ang mga puwang ugnay sa iyong paniniwala.

*Ang Aking Paniniwala*

*Ako ay isang ________________. Naniniwala ako na si ___________________________ ay _____________. Ang aklat na batayan ng turo namin ay ______________________. Ang pinakamahalagang aral para sa aming paniniwala ay*

____________________________________________________________

_____________________________________________________________

___________________________________________________________.

*Kami ay nagsisimba sa _________________.*

*Pangalan at lagda:* ___________________________

Pagtatalakay:

Ang **pananalig o pananampalataya** ay iba sa **paniniwala**. Ang paniniwala ay turo o aral na pinaniniwalaan. Ang **pananampalaya** naman ay ugaling taglay ng tao na nagpapatibay ng kaniyang ugnayan sa Diyos. Pagsasabuhay ng pinaniniwalaan, ay nagiging kaugalian. Anuman ang kinabibilangang pananampalataya, ang mananampalataya na taimtim  ang pagtitiwala ay sumusunod sa mga tagubilin at aral na kanilang paniniwala. Ang taong may sampalataya ay buong pusong sumusunod at nagiging kaaya-aya ang mga gawi.

Anuman ang kinabibilangang paniniwala, ang mahalaga ay ang pagsasabuhay at **pagsunod sa mga mabubuting aral**. Kaya nagagabayan tungo sa mabuting buhay at pakikitungo sa iba. Nakakatulong ang pananampalataya sa pag-iwas sa hindi magandang gawain. Kung ang pagiisip ng isang tao ay puno ng mabubuting turo,

at sinisikap niya itong isabuhay, mahuhubog ang kaniyang buhay ayon sa mabubuting aral ng kaniyang pinaniniwalaan.

Kahit sa kahirapan ang nagsasampalataya ay may kaagapay sa lahat ng oras. Hindi siya nawawalan ng pag-asa. Mapagpasalamat at mapag mahal ito dahil damdam puno ng mga magagandang aral ang puso at isipan. Nagtitiwala ito na makakamit ang adhikain sa buhay. Ang tunay na mananampalataya ay may pag-asa at lakas sa pagharap sa hamon ng buhay. Patuloy itong kumakayod at kumakatok dahil alam niyang bubukas ang pinto.

Gawaing Aralin:

**Paniniwala Ba o Pananampalataya Ba Ito?**

Tukuyin kung **Paniniwala o Pananampalataya** ang tukoy ng mga sanaysay.

_________ 1. Ang sabi ng Bibliya ay makapangyarihan at mabuti ang Diyos.
_________ 2. Isa sa turo ng Islam ay ang pagbibigay ng tulong sa mga mahihirap.
_________ 3. Isinasabuhay niya ng aral na magpatawad sa kapuwa kaya hindi siya nagtatanim ng galit.
_________ 4. Sinisikap kong maging mabuti, dahil naniniwala ako na mabuti ang Diyos.
_________ 5. Naniniwala siya na mahal siya ni Hesus kaya hindi siya nawawalan ng pag-asa.
_________ 6. Kayod ng kayod lang siya, may awa ang Diyos.
_________ 7. Hindi natitinag ang kanyang pananampalataya, kaya hindi siya naghihina.
_________ 8. Marami siyang alam na turo pero hindi naman niya isinasagawa.
_________ 9. Madasalin siya at napakasipag din sa pag-aaral.
_________ 10. Magaling lang siya sa pangaral pero hindi sa gawa.

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Mga Pamamaraan ng Pagpapahalaga sa Pananampalataya**

Kung tutuusin lahat ng paniniwala ay may magagandang aral. Ngunit kung hindi ito pahahalagahan, mananatili itong aral lamang. Hindi ito magkakaroon ng

magandang epekto sa buhay. Ang pagpapahalaga sa pananampalataya ay nakikita sa gawa. Ang sumusunod ay mga nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga magagandang aral na ating pinaniniwalaan.

**1. Panalangin.** Ang iba ay nananalangin ng tahimik sa kanilang silid. May iba namang pumupunta sa simbahan para magdasal at magsindi ng kandila. Para naman sa iba pa ang pananalangin ay naayon sa nakasanayan nang ritwal sa pagdarasal Ang saloobin, mga hinaing at kabigatan ng isang tao ay ipinapaabot sa Diyos. Humihingi ang nananalangin ng lakas, tulong, o dunong sa pagpapasiya. Ang dalangin ay nag-uugnay sa atin sa Diyos. Sa makatuwid, sa pamamagitan ng panalangin tayo ay nakikipagusap at nakakaharap ang Diyos. Ang dalangin ay nagdadala ng *kapayapaan* sa ating mga kabigatan at problema. Ang biyaya ng panginoon ay napapaabot sa atin sa pamamagitan ng kaniyang presensya. Ang mga panalangin ay nagbibigay ng liwanag at patnubay sa mga hamon ng buhay na nagpapalakas sa espirituwal na paglalakbay ng isang tao. Ang nakalulugod ay ang kagandahang-loob na bunga ng magagandang pagkikipag-ugnay sa Diyos sa dalangin. Ganito rin ang epekto ng pagsamba kung saan may aral na natututuhan sa kinabibilangang pananampalataya. Bunga nito, karamihan ay matulungin at may *pag-unawa* sa kapuwa.

**2. Pagsamba.** Ang pagsamba ay nagbibigay ng *kagalakan* at kapayapaan sa puso ng mga mananampalataya. Sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin, pag-awit, at pagsasagawa ng mga serbisyo, nararamdaman ng mga mananampalataya ang presensya at pagmamahal ng Diyos sa kanilang buhay. Ito ay nagdudulot ng *kasiyahan* at kapayapaan sa kabila ng mga hamon at pagsubok sa buhay.

Ang regular na pagsamba ay nagbibigay ng *lakas at gabay* sa mga mananampalataya sa kanilang mga desisyon at pagkilos sa buhay. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malapit na ugnayan sa Diyos, natututuhan ng mga mananampalataya na magtiwala at sumunod sa Kaniyang mga utos.
Ang pagsamba ay nagbubunga ng pagbabago sa mga ugali at pag-uugali ng mga mananampalataya. Sa pamamagitan ng regular na pakikisama sa mga kapuwa mananampalataya at pag-aaral ng mga aral ng Diyos, natututuhan ng mga tao na maging mas *mabuti at maawain* sa iba. Ang *pagmamahal at paglilingkod* sa kapuwa ay nagiging bahagi ng kanilang buhay, na nagbubunga ng *pagkakaisa* at pag-unlad sa kanilang komunidad.

Sa kabuoan, ang pagsamba sa tunay na Diyos ay nagbibigay ng *kaganapan at kahulugan* sa buhay ng mga mananampalataya. Ito ay naglalayo sa kanila mula sa kawalan at nagbibigay ng patnubay at layunin sa kanilang buhay. Sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, natatamasa ng mga tao ang kagandahan at biyaya ng espirituwal na buhay na hatid ng kanilang ugnayan sa Diyos. Ang pagsamba ay nagdadala sa atin ng kagandahang loob ng Diyos.

**3. Pag-aaral ng salita ng Diyos.** Ang kalooban ng Diyos ay nagbibigay ng kaalaman at unawa sa mga aral ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagbasa at pag-unawa sa mga salita ng Diyos, natututuhan ng isang tao ang mga prinsipyo at mga utos ng Diyos na magtuturo sa kaniya kung paano mamuhay ng maayos at *makaDiyos.* Ang pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay *nagpapalakas ng pananampalataya at nagbibigay ng gabay* sa pang-araw-araw na buhay.

**4. Pagsunod sa mga Utos ng Diyos.** Ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay isang mahalagang aspekto ng buhay na nagbibigay daan patungo sa tunay na *kaligayahan at pagpapala.* Sa bawat utos na ibinigay ng Diyos, mayroong layunin at kabutihan na naidudulot sa atin, kahit na minsan ay hindi ito agad nauunawaan.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos ay naipapakita ang ating paggalang at pag-ibig sa Kaniya. Kapag tayo ay sumusunod sa Kaniyang mga utos, ipinapahayag natin ang ating pagtanggap sa Kaniyang awtoridad at pagkilala sa Kaniyang karunungan. Sa pamamagitan nito, lumalalim ang ating ugnayan sa Diyos at lumalawak ang ating pag-unawa sa Kaniya bilang ating mapagmahal na Ama.

Higit sa lahat, ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay nagdudulot ng *kapayapaan* at *kaligayahan* sa ating puso. Kadalasan ang utos ng Diyos ay nauugnay sa ating pakikipagkapuwa. Sa pagkilos natin ayon sa Kaniyang mga tuntunin, natatamo natin ang tunay na kalayaan mula sa kaguluhan ng mundo at mula sa kasalanan. Ang pagtugon natin sa Kaniyang pag-ibig at biyaya ay nagbubunga ng *kapayapaan* at *kagalakan* na hindi matutumbasan ng anumang kayamanan o karangyaan sa mundo.

**Pinatnubayang Pagsasanay**

Mga tanong;

1. Itala ang apat na pamamaraan ng pagbibigay halaga sa pananampalataya batay sa mga lawaran at pagtatalakay.
2. Itala rin ang mga resulta ng pagpapahalaga sa pananampalataya sa buhay ng isang tao (mga bunga).







Hango ang mga larawan sa 5,052 Free images of Worship at https://pixabay.com/images/search/worship/ at 41 images of sharing food available on line at https://cdn.pixabay.com/photo/2023/11/01/17/27/ai-generated-8358479_640.jpg

**Mga Bunga ng Pagpapahalaga sa Pakikipag-ugnay sa Diyos**

Babasahin ng mga mag-aaral ang talakay ukol sa mga "Pamamaraan ng Pagpapahalaga sa Pananampalataya." Habang binabasa ito ay hahanapin ng mag-aaral ang mga bunga ng iba-ibang paraan ng pagbibigay halaga sa pananampalataya. Isulat ang mga pamamaraan ng pagbibigay halaga sa pananampalataya sa baba ng puno at ang mga bunga sa paggawa nito



**Batayan sa pagmarka** (batay sa sagot sa punuan at mga bunga**):**
10/10: Litaw na litaw ang pagpapahalaga sa pananampalataya
8-9: Lumitaw ang natutuhan sa pagpapahalaga sa pananampalataya
5-7: May lumitaw na natutuhan sa pagpapahalaga sa pananampalataya
3-4: Kulang ang lumitaw na natutuhan sa pagpapahalaga sa pananampalataya
1-2: Kailangang pagbutihin ang pagkatuto sa pagpapahalaga sa pananampalataya

**I. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ako Ngayon at Mga Bunga ng Pagpapahalaga sa Pananampalataya na Gusto Ko**

| **Mga Bunga ng Pananampalataya na Mayroon Ako** 🍎 | **Mga Bunga ng Pananampalataya na wala ako** 🍎 | **Ano ang gagawin kong Pagpapahalaga sa Panananampalataya** 📖🏃‍♀️🙏⛪ |
|---|---|---|
| **1.** | | |
| **2.** | | |

| | | |
|---|---|---|
| **3.** | | |
| **4.** | | |
| **5.** | | |

Gabay sa Pagmarka: (Maaring sampu lang ang sagot pero puwedeng mahigit sa sampu).
10/10: Litaw na litaw ang pagpapahalaga sa pananampalataya
8-9: Lumitaw ang natutuhan sa pagpapahalaga sa pananampalataya
5-7: May lumitaw na natutuhan sa pagpapahalaga sa pananampalataya
1-4: Kulang ang lumitaw na natutuhan sa pagpapahalaga sa pananampalataya
1-5: Kailangang pagbutihin ang pagkatuto sa pagpapahalaga sa pananampalataya

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pabaong Pagkatuto**

Kasama ang katabi, ang mag-aaral ay gagawa ng isang tagubilin o pangaral para sa kanilang klase ugnay sa aralin. Gawin itong madaling maaalala, nagbibigay inspirasyon at mapanghikayat ng mabuting adhikain**.**

**Halimbawa: "Huwag kalimutan dasal at pagsamo, sapagkat sa panalangin ang lakas at tiyaga ay mapapasa-iyo, tagumpay ay makakamit mo"**




Maaaring bigyan ng alternatibong gawain ang mga mag-aaral na nagpapahayag na wala silang paniniwala ng Diyos.

Maaari silang gumawa ng pangaral tungo sa mabuting buhay at adhikain.

| | | |
|---|---|---|
| | Batayan sa Pagmarka:<br>5/5: Litaw na litaw ang pagkatuto sa aralin sa tagubilin ng mag-aaral, madaling maaalala at nakakahikayat.<br>4/5: Litaw ang pagkatuto sa aralin sa tagubilin ng mag-aaral, madaling maaalala at nakakahikayat.<br>3/5: May lumitaw na pagkatuto ugnay sa tagubilin sa mag-aaral.<br>2/5: Hindi litaw ang pagkatuto sa aralin sa tagubilin ng mag-aaral, madaling maaalala at nakakahikayat.<br>1/5: Walang litaw na pagkatuto sa aralin sa tagubilin ng mag-aaral, madaling maaalala at nakakahikayat.<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>Ang Aking Dalangin Ugnay sa Pananampalataya ko<br><br>Susulat ng panalangin ang mag-aaral na isinasaalang-alang ang kaniyang personal na kalagayan ng kaniyang pananampalataya. Ang panalangin ay maglalaman ng **pagpupuri, pasasalamat, paghingi ng tawad** (sa kakulangan o kahinaan)**, at pagsusumamo ukol sa kaniyang adhikain sa pananampalataya.**<br><br>10/10: Naglalaman ang panalangin ng pagpupuri, Pagpapasalamat, pag-amin ng kasalanan, at ang idinadalangin ng mag-aaral<br>7-9: Kulang ng isa sa mga nilalaman ang panalangin<br>5-6: Kulang ng dalawa sa dapat nilalaman ang panalangin.<br>3-4: Kulang ng tatlo sa dapat nilalaman ang panalangin<br>1-2: May nasulat na panalangin pero hindi sumunod sa dapat nilalaman ng panalangin. | Maaari ding gumawa ang mga batang nagpapahayag na hindi sila naniniwala ng Diyos na sumulat ng kanilang personal na adhikain at paano nila ito pagsusumikapan. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br><br>**Itugma ang mga salita sa kaliwa sa salaysay sa kanan**<br><br>1. Pananampalataya A. Paraan ng sariling pakikipag-ugnay sa Diyos | **Mga tamang sagot:**<br>1. B<br>2. E<br>3. D<br>4. G |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
2. Mosque — B. Pagbibigay halaga sa paniniwala sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga mabubuting aral.<br>
3. Kristiyano — K. Naniniwala na si Mohammad ay propheta<br>
4. Islam — D. Ang tawag ng relihiyon na sumasampaltaya kay Hesus na anak ng Diyos<br>
5. Muslim — E. Bahay sambahan at dalanginan ng mga Muslim<br>
6. Krus — G. Relihiyon ng mga Muslim<br>
7. Panalangin — H. Banal na aklat ng mga Muslim<br>
8. Bibliya — I. Banal na aklat ng mga Kristiyano<br>
9. Koran — L. Aral at turo na isinas-isip at pinaniniwalaan<br>
10. Paniniwala — M. Napakahalagang simbolo para sa mga Kristiyano.<br>
<br>
Isulat ang titik ng tamang sagot:<br>
1. 6.<br>
2. 7.<br>
3. 8.<br>
4. 9.<br>
5. 10.<br>
<br>
1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
<br>
Hihikayatin ang mga mag-aaral na magtanim ng isang halamang dekorasyon (ornamental plant). Maaari itong ipadala sa paaralan at alagaan niya.
</td>
<td>
5. K<br>
6. M<br>
7. A<br>
8. I<br>
9. H<br>
10. L<br>
<br>
Gabay sa pagmarka:<br>
10: Napakagaling-napakataas ng antas ng pag-aalala at pag-unawa ng mga mahahalagang salita at konsepto sa aralin.<br>
8-9: Magaling- Mataas ang antas ng pag-alala at Pagunawa ng mga mahahalagang salita at konsepto sa aralin.<br>
5-7: Tama lang sa inaasahan ang antas ng pag-aalala at pag-unawa ng mga mahahalagang salita at konsepto sa aralin.<br>
1-5: Mababa sa inaasahan- Mababa sa inasahang antas ng pag-aalala at pag-unawa ng mga mahahalagang salita at konsepto sa aralin.
</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito ididokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral,</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |